
# PAGKAHAWA SA HEPATITIS A VIRUS

**Bakit dapat ninyong alalahanin and Hepatitis A?**

Kung ang isang tao ay may karamdaman na dulot ng impeksyon sa Hepatitis A, madali itong maikakalat  sa iba at maaari itong maging sanhi ng sakit sa atay. Ito ay maaring tumagal ng ilang Linggo patungo sa mas malubhang karamdaman na tatagal ng maraming buwan. Maari din ito maging sanhi ng pagkamatay.

**Paano Kumakalat ang Hepatitis A?**

- Paghawak sa mga bagay o pagkain na nahawakan at kinainan ng taong may karamdaman sa Hepatitis A.
- Pakikipagtalik sa isang taong may karamdaman dulot ng impeksyon sa Hepatitis A.



## Ano ang mga sintomas ng sakit na dulot ng impeksyon sa Hepatitis A?



Lagnat



Madaling mapagod



Pagkahilo



Kawalan ng ganang kumain



Paninilaw ng balat o mata



Pananakit ng tiyan



Pagsusuka



Maitim na kulay ng ihi, maputlang dumi at pagtatae.

Kung sa palagay ninyo, mayroon kayong karamdaman na dulot ng impeksyon sa Hepatitis A, magpatingin sa inyong doctor o sa pinakamalapit na ospital.

**Paano ninyo maiwasan ang sakit na dulot ng Hepatitis A?**

- Magpaturok ng dalwang bakuna ng Hepatitis A.
- Huwag makipagtalik sa taong may karamdaman dulot ng impeksyon sa Hepatitis A.
- Gumamit ng sariling tuwalya, sipilyo, kutsara, tinidor at baso.
- Parating hugasan ang inyong mga kamay gamit ang sabon at tubig pagkatapos na magpunta sa banyo at bago maghanda ng pagkain.
- Huwag mamahagi ng mga pagkain, inumin o sigarilyo sa ibang tao kung ikaw ay may karamdaman dulot ng sakit sa Hepatitis A.

**Para sa karagdagang kaalaman**

- Tumawag sa Nurse’s line 866-358-2966 numero 5.
- Para sa impormasyon kung saan puwede makakuha ng bakuna laban sa sakit na impeksyon sa Hepatitis A Tumawag lamang sa 211.

EISB 10/17